

# LINGGO ng WIKA


agosto 13-19, 1975



ISANG BANSA

ISANG DIWA

ISANG WIKI



Pangulong FERDINAND E. MARCOS

## Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas

(OFFICE OF THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES)


### PAHATID-BATI

Sa pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pambansa sa taong ito, kalakip na ginugunita natin ang mga dakilang kamanahan ng ating lahi na pinatingkad ng kagitingang inihasik ng ating mga ninunong likas na mapagmahal sa kalayaan.

Bagaman noon pang 1966 natin sinikap ilunsad ang mga makabuluhang pagbabago, nagkaroon ito ng mga sagabal at noon lamang 1972 matapos nating ilunsad ang bagong lipunan nagawa ang lalong angkop na mga hakbang upang pahalagahan at sinupin ang mga dakilang kamanahang ito, lalo na ang nauugnay sa kalinangan na siyang salaming-larawan ng ating pagka-lahe. Pinag-ibayo ang pagsisikap ng ating Pamahalaan sa lahat ng bagay na magtatampok sa ating pagka-Pilipino, lalo na ang tungkol sa puspusang pagpapalaganap ng wikang pambansa.

Mangyari nga, lubos ang aking paniniwala na ang wika ay isa sa mahahalagang tulay upang buklurin ng pagkakaisa ang ating bayan at nang sa gayon ay marating natin ang tugatog ng pangarap na kaunlaran, kasaganaan at katatagan. Ito, ang panatang simulain ng bagong lipunan at dito nakatuon ang lahat ng hakbang, kilos at punyagi ng ating Pamahalaan sa kasalukuyan.

Dahil dito, minsan pa, sa pegsapit ng Linggo ng Wikang Pambansa, hinihiling ko sa ating mga kababayan na talikuran ang lumang ugali ng lumang lipunan na pagkakanya-kanya na daan ng pagkakawat-watak. Panahon na upang tayo ay mag-isip, magpunyagi, humakbang at kumilos bilang iisang lahi sa lilim ng iisang watawat, iisang langit at iisang wika.



PANGULO NG PILIPINAS

Agosto, 1975



PALASYO NG MALAKANYANG  
MAYNILA

### PAHATID-BATI

Akmang-akma sa mga kasalukuyang pangyayari sa ating bansa ang Isang Bansa, Isang Diwa, Isang Wika na paksa ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika sa taong ito. Nasa yugto tayo ng ating kasaysayan na ang unang-unang sinisikap ng pamahalaan at ng Pangulo ay walang iba kundi ang layuning mabigkis ng pagkakaisa ang ating lahi.

Mangyari nga, ang pagkakaisa ng magkakalahi ang pangunahing sandigan ng isang matatag at maunlad na bansang naghahangad makipamuhay nang may puri at dangal sa piling ng kapuwa malayang bansa sa daigdig.

Sa lahat ng panahon, ako at ang Pangulo ay kaisa ng simulaing nagbunsod ng pagtatakda ng Linggo ng Wika sa ating bansa. Naniniwala kami na ang wika ang isa sa mahalagang panulukang bato ng pagkakaisa at kaunlaran ng isang bansa.

Ang bagong lipunang sinasakit nating itindig ay nakasalalay sa pagkakaroon ng isang bansa, isang diwa at isang wika ng sambayanang Pilipino.

*Imelda L. Marcos*  
IMELDA ROMUALDEZ MARCOS

REPUBLIKA NG PILIPINAS  
KAGAWARAN NG EDUKASYON AT KULTURA  
MAYNILA

### PAHATID-BATI



Sadyang kailangan sa panahong ito ang kaisahang pambansa. Sa pagtatatag ng Bagong Lipunan ang administrasyon ay nagsisikap na mapatibay ang pagkakaisa ng lahat at bawat isang mamamayan sa ano mang pangkat etniko siya nabibilang. Dapat makapangibabaw ang katapatang pambansa sa ano mang uri ng katapatang pansarili at panlipi.

Makahulugan ang paksa ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika sa taong ito—"Isang Bansa, Isang Diwa, Isang Wika." Nangahulugan na mula sa maraming lipi, isipan, at wika, kailangang magkaroon ng kaisahang-bansa, kaisahang-diwa, at kaisahang-wika. Ito ay sinisikap na malinang, mapaunlad at mapatibay sa pamamagitan ng edukasyon. Ang lahat ng isinasagawang pagbabago ngayon sa edukasyon ay tungo sa gayong layunin.

Binabati ko ang Surian ng Wikang Pambansa sa pangunguna sa pagdiriwang na ito. Samantala'y hinihiling ko ang puspusang pakikiisa ng lahat ng sektor ng lipunan, lalo na ang iba pang pinuno at mga guro ng paaralang sa pagdiriwang ng Linggo ng Wika.

*Juan L. Manuel*  
JUAN L. MANUEL  
Kalihim

*Tanggapan ng Pangulo*

## PAHATID-BATI

Isang Bansa

Isang Diwa


Isang Wika



Ito ang paksa ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika sa taong ito. Kailangan natin ang isang wika para sa kaunlarang pambansa.

Binabati ko ang Surian ng Wikang Pambansa sa pagdiriwang na ito, kasama ang iba't ibang samahan sa wikang ginagamit sa Pilipinas—Pilipino, non-Tagalog, English at Kastila. Kailangan natin ang ganitong pagkakaisa at pagtutulungan sa pagpapaulad at pagpapalaganap ng wikang pambansa sa pagtatatag ng ating Bagong Lipunan.

Kasama ninyo ako sa pagdiriwang ng Linggo ng Wika hindi lamang ngayon kundi sa lahat ng panahon.

  
Onofre D. Corpuz  
Pangulo

## BAYANG BIHASA SA PILIPINO AT INGLES: ISA SA MARAMING KINABUKASAN

Ni PONCIANO B. P. PINEDA

Binabati ko kayo sa inyong matagumpay na pagkakarao ng ng sanglinggong Conference-Workshop.

Bihira ang ganitong pangyayari na nagkasama-sama sa isang bulwagan ang mga superbisor ng wika—ng Pilipino at ng Ingles. Tunay ngang ito'y kauna-unahan sa angking uri.

Kahanga-hanga sapagkat magkakasama kayong tumalakay sa isang napakahalagang pangkalahatang paksa: "Pagpapatupad ng Patakaran ng 1974 sa Paggamit ng Dalawang Wika sa Pagtuturo".

Ang ipinahihiwatig nito'y mayroon kayong magkatulad na suliranin. Kaya magkatulad din ang marubdob ninyong nais na malutas nang kaisiya-siya ang suliranin alang-alang sa ideal na hantungan: sa kaganapan ng ating pagkabansa.

Ang pagkakaiba ninyo ng mga wikang kasangkapan, at pagkakaiba ng layuning kakambal niyon ay di naging sagwil sa matalino at masiglang usapan. Manapa'y nagsilbing tagapagbunsod sa hangaring makapagbalangkas ng mga hakbanging sadya sa paglinang ng mga mamamayang baylinggwal na matatas magpahayag sa Pilipino at sa Ingles.

Naniniwala akong malinaw sa magkabilang panig,—sa panig ninyong mga tagamasid ng Pilipino at sa panig ninyong mga tagamasid ng Ingles—ang tungkulin ng bawat isa sa pagsasagawa ng bilingual program.

At kaugnay nito'y nais kong mamalas na sa masigasig at matapat na pagganap ng inyu-inyong papel ay di ninyo iniwawaksi o pinagkikibitang-balikat ang larangan ng inyong kapuwa, katulad ng malimit mangyari nang tinalikdang mga panahon.

Ang inaasahan ko sa mga guro ng wika, higit lalo na sa inyong mga superbisor ng wika, ay magsama kayo, magbuklod

Pananalita ni *Direktor Ponciano B. P. Pineda* sa pampinid na palatuntunan sa First Joint National Conference-Workshop of Language Supervisors of the Philippines na idinaos sa Silay City noong Mayo 25-30, 1975.

sa iisang layunin bilang magkabakas sa pagkakamit ng pambansang pagsulong.

I advance the proposition that the teacher of Pilipino must also be a teacher of English, and that the teacher of English must also be a teacher of Pilipino. It is an undisputed fact that at present, teachers of Pilipino utilize English the way English teachers do, but teachers of English, in the majority of cases, can not even read Pilipino. A very pathetic situation indeed.

I like to thank that this First National Conference-Workshop shall be an indicator of the willingness of both parties not only to understand but to learn each other's field. This to my mind, is a key to the fulfillment of the national goal.

Malaki ang sagutin ng mga superbisor ng wika sa pagpapatupad ng patakarang bilingualism. Magtatagumpay ang programa kung nais ng superbisor na ito'y magtagumpay. Ngunit mabibigo ang programa kung ang superbisor ay nakahilig sa kabiguan.

The supervisors of Pilipino, more than the supervisors of English, have a more difficult task ahead of them. They are confronted with the problem of retraining or reorientation of teachers and so with the scarcity of teaching/learning materials. Resources that are readily available to the supervisors of English are still far beyond the reach of the Pilipino supervisors. It is for this reason that the supervisors of Pilipino are the disadvantaged compared to the supervisors of English who are still in a very enviable plane. But there is something that the supervisor of Pilipino possesses, i.e. courage, determination, vision of the future,—and unwavering faith.

Iyon lamang. Sapagkat ang superbisor ng Pilipino, di tulad ng kanyang kasamang superbisor sa Ingles, ay walang tulong na mahihintay mula sa mga banyagang pamahalaan at mga pundasyon. Walang tagaibang lpaing tutulong sa paglutas ng kanyang suliranin. Kaya, sa kalagayang ito kailangan kayong mga superbisor ng Ingles. Tinatawagan kayo, sa kabila ng katotohanang dayuhang wika ang inyong daigdig, tinatawagan kayong magbigay ng tulong, ng uri ng tulong na kailan ma'y di pa ninyo naibibigay sa kapakanan ng Pilipino, na nagkataong pananagutan ng inyong mga kasamang superbisor ng wikang ito.

Sa kabilang dako'y tinatawagan ko rin ng pansin ang mga superbisor ng Pilipino sa pagpapahalaga sa larangan ng ka-

nilang mga kasamahan sa Ingles. Ang kanilang pagpaunawa'y makapagpapagaan din sa gawain nito, at kaipala'y makapagpapaluwag sa pagkatuto ng kabataang nangangailangan din ng wikang banyaga sa paglinang ng kanilang ganap na pagkatao.

Ang sinasabi ko'y huwag mag-iringan; huwag magpulaan; huwag magwalang-bahala sa gawain ng isa't isa. At lalo nang di dapat mag-away. Ang di-pagkakasundo, ang pagsasalungatan ay makasasama sa programa. Makapipinsala sa bansa. I plead for mutual concern; I ask for unity of purpose.

Kailangang magmadali tayo. Isang taon na ang nawala sa atin sa implementasyon ng Department Order No. 25, s. 1974. Ang Conference-Workshop na ito'y dapat sanang isinagawa noon pang unang semestre ng taong panuruan 1974-75. At sa panahong ito lamang sinisimulang unawain ng mga kinauukulan kung ano ang ibig sabihin ng bilingual education.

Ang Order ay may malubhang kapansanan sa tingin ko. Halimbawa'y iniwan sa paaralan o sangay pampaaralan ang paghahanda ng sarili nilang pagsasanay ng mga guro; itiniwala rin sa mga ito ang pagtatamo at/o paghahanda ng mga kinakailang aklat. Hindi ba ito'y pangunahing pananagutan ng Kagawaran ng Edukasyong at Kultura, na dapat sanang ipinapasan sa alin man sa tatlong Kawanihan?

Ang tinitiyak lamang ng Order ay ang mga asignaturang dapat ituro sa pamamagitan ng Pilipino o ng Ingles sa elementary at sekundarya. Gayon din ang pagiging araling pangwika ng Pilipino sa kurikulum. Bakit tinakdaan ang gamit ng Pilipino hanggang sekundarya lamang? Bakit tuma-himik ang Order sa isang malinaw na tadhana ng NBE Resolution No. 73-7, na hiwalay na asignatura sa kurikulum ang Pilipino at Ingles mula sa Grade I hanggang University level?

Sinabi pa rin, sa kabila ng pananahimik ng Order tungkol sa pagiging hiwalay na paksang-aralin ng Pilipino sa University level, na simula sa 1984, ang sino mang makatapos ng karera, upang makagamit ng propesyon ay kailangang pumasa sa iksameng English and/or Pilipino. Bakit may *or* pa? Bakit hindi *and* na lamang upang maging tiyak na bilingual ang board examinations?

Pasintabi sa mga dalubhasang bumalangkas ng implementing guidelines, ang malinaw na pagbibigay-diin sa "degree of freedom" ng mga administrador at mga guro sa pagpapatupad ng Order ay nagpahina sa halip ng nagpalakas sa implementasyon.

Ngunit sa kahinaan at/o kakapusang ito, inaasahan kong makapagbibigay ng matalinong kalutasan ang mga superbisor ng wika. Matibay ang aking pananalig na magmumula sa inyo ang kilos na magbibigay-buhay sa rebolusyonaryong programa.

Based on the objectives of this Conference-workshop, you can now provide leadership for the implementation of the Bilingual Education Policy of 1974.

You have been oriented to strategies and programs for effective implementation;

You have planned modifications in your respective language curricula to make these fit the changes brought about by the new policy;

You have defined areas where language and reading skills in one language would need progressive reinforcement instead of re-introduction in the other;

You have planned activities which will facilitate coordination of functions and efforts in the in-service education of teachers; and

You have shared experiences on the program of educational innovations introduced in the field during the past two years.

Pinili natin ang isang kinabukasan—mula sa maraming kinabukasan—para sa ating bansa: ang pagkakaroon ng mga mamamayang bilingual na may sapat na kakayahang makipagtalastasan sa Pilipino at sa Ingles. Ito ang ating pinili sa halip ng bansang nagsasalita ng Ingles lamang. Sa halip ng bansang nagsasalita ng ibang wikang banyaga. Sa halip ng bansang walang katutubong panlahat na wika.

It is my hope that we will succeed in this program. I trust your expertise. I trust you as leaders in your respective fields. Together you can work wonders as agents of change. In implementing this innovative policy, let us not be bound by the constraints of the past. Instead let us be inspired by the vision of the future.

Mga Kaibigan: Sa pakikipagharap natin sa mga hámon ngayon ay huwag tayong pagaagapos sa mga katakdaan ng lumipas; manapa'y manimbulan tayo—sa pagpapasiya sa ngayon—sa ningning ng bukas.

Muli—binabati ko kayong naagsilahok, at kayong mga nagpanukala at sumubaybay sa matagumpay na Conference—Workshop nat ito.

Mabuhay kayo!

## ANG SWP SA LINGGO NG WIKA

Ni FE ALDAVE YAP

Layunin ng Surian ng Wikang Pambansa ang magkaroon ng pambansang kamalayan. Magkaroon ng isang wika para sa kaunlarang pambansa. Mapaunlad, mapayaman at mapalaganap ang wikang ito sa lalong madaling panahon. Kailangan ang wikang pambansa para sa pambansang pagkakakilanlan, pagkakaisa at pagkakaunawaan ng mga Pilipino.

Tungo sa pagsasakatuparan ng layuning ito, sa pagdiriwang ng Linggo ng Wika sa taong ito, inaanyayahan ng SWP ang lahat ng pambansang samahan sa wika ng bansa: Pilipino, non-Tagalog, English at Kastila. Kailangan ang pakikiisa at pakikipagtulungan ng lahat ng samahang ito, hindi lamang sa matagumpay na pagdiriwang ng Linggo ng Wika taun-taon, kundi sa lahat ng panahon. Pagsasamasama at pagkakaisa ang susi sa pambansang kaunlaran.

Kaugnay nito, ang SWP ay bumalangkas ng isang tanging proyekto. Humiling ang SWP ng isang tanghalan ng wika at panitikang Pilipino. Ibinigay sa atin ang kahilingan—isang maliit na bahay sa gitna ng lawa—Samal House sa Mindanao Area sa Nayong Pilipino, sa kagandahang-loob ng Unang Ginang Imelda R. Marcos. Ito ang *Tanghalan ng Wika at Panitikang* sa pamamahala ng Surian ng Wikang Pambansa, Kagawaran ng Edukasyon at Kultura.

Ang Tanghalang ito ay isang munting daigdig ng mga aklat sa wika, literatura at kultura. Dito itatampok ang mga obra maestra sa Pilipino at iba't ibang wika at diyalekto sa kapuluan, at mahahalagang nasulat sa literatura at kultura ng bansa. Lahat ng samahan sa wika ay inaanyayahan at hinihiling na magbigay ng kani-kanilang obra maestrang itatanghal sa Nayong Pilipino. Maririnig dito sa Tanghalan ang magagandang katutubong tugtugin sa iba't ibang wika, gayundin ang awit, korido, pasyon, at rekording ng lagaslas ng mga dahon, balisbis ng tubig, higing ng bubuyog, huni ng mga ibon sa isang himig ng tugtuging bukid.

Sa tabi ng Tanghalan ng Wika at Panitikan sa baybay ng la-  
wa, magkakaroon ng mga pagtatanghal ng dula, pagbasa ng  
tula, pagkukuwento sa mga bata, paligsahan sa pagsulat, katu-  
tubong awit, tugtugin at sayaw sa iba't ibang okasyon, gaya  
ng Linggo ng Wika sa Agosto, Universal Children's Day sa  
Oktubre, Linggo ng mga Aklat sa Nobyembre, Araw ni Rizal  
sa Disyembre, at iba pa. Maaanyayahan sa ganitong mga pag-  
tatanghal ang mga kinatawan ng iba't ibang paaralan, kolehiyo  
at unibersidad sa pamamagitan ng Kagawaran ng Edukasyon  
at Kultura.

Ito ay simula lamang ng isang mailap na pangarap na ibig  
maisakatuparan ng Surian. Sa kabila ng maraming kabiguan,  
umaasa pa rin ang SWP na balang araw sa malapit na hinaha-  
rap, maitatayo ang isang pangarap na Gusali ng Wika. Dito  
babalangkasin at isasagawa ng Surian ng Wikang Pambansa  
ang makabuluhang mga proyekto sa wika, literatura at kultura  
ng Pilipinas.

Malaki ang maitutulong ng iba't ibang samahan sa wika sa  
mabilis at mabisang pagpapaunlad at pagpapalaganap ng isang  
wikang pambansang Pilipino. Nasa mga samahang ito ang  
mga talino at utak ng bansa sa larangan ng wika at literatura.  
Ang mga samahan sa Pilipino, halimbawa, ay makalilikha ng  
mga obra maestra at mahahalagang akda sa iba't ibang antas  
ng edukasyon. Ang mga samahan ng mga non-Tagalog, Eng-  
lish at Kastila ay makasusulat at makapagpapalimbag ng ma-  
kabuluhang akda sa kani-kanilang wika. Ang mga ito ay isa-  
salin sa Pilipino upang lalong mapaunlad at mapayaman ang  
nililintang nating wikang pambansa.

Sa ganitong paraan, sabay-sabay na maisasagawa at matata-  
pos ang mga proyekto sa takdang panahon. Kailangan dito  
ang malaking pondo mula sa gobyerno at sektor na pribado  
para mabigyan ng honoraria ang mga manunulat at maipaim-  
prenta ang kanilang mahahalagang nasulat sa wika at litera-  
tura ng bansa.

Ang mga samahan sa wika ay kailangang mabuklod sa isang  
Kalipunan ng mga Samahan sa Wika ng Pilipinas (KASA-  
PI). Hindi ba kahanga-hanga at kanais-nais malasin ang mga  
*official banner* ng iba't ibang pambansang samahan sa wika at  
literatura sa isang malaking conference room ng Gusali ng Wika  
—sagisag ng kapayapaan, pagkakaunawaan at pagkakaisa;  
Walang balitaktakan, walang alitan. Nagsasanggunian at sama-

samang nilulutas ang mga problema sa wika ng bansa sa maayos  
na paraan, 'over a cup of coffee,' wika mga. Kailangan ang  
pagkakaisa sa pagkakaiba-iba.

Kailan kaya maitatayo ang pangarap na Gusali ng Wika na  
maaaring maging *center of research* at tanghalan ng mga nasu-  
lat sa Pilipino at iba pang mga wika, literatura at kultura ng  
Pilipinas. Gusaling maaaring magkaroon ng Secretariat Office  
ng iba't ibang samahan sa wika at literatura ng bansa, isang  
malaking conference room at Filipiniana library na pagatang-  
halan ng mga obra maestra at piling akda ng mga samahang  
pangwika. Gusaling bukas sa lahat ng oras sa mga scholar,  
mag-aaral, guro, manunulat, at karaniwang mambabasang Pi-  
lipino at mga dayuhan. Ito kaya'y mananatiling pangarap la-  
mang?

Sa pambukas na palatuntunan ng Linggo ng Wika, inaasa-  
hang dadalo ang mga aanyayahang samahan sa wika at paniti-  
kan—Pilipino: Taliba ng Inang Wika (TANIW), PANITIKAN,  
Kapisanan ng mga Mandudulang Pilipino (KAMPI), Kapatiran  
ng mga Alagad ng Wikang Pilipino (KAWIKA), Panitik ng Ka-  
babaihan, Kapisanang Aklat, Diwa at Panitik (KADIPAN),  
Kapisanan ng mga Propesor sa Pilipino (KAPPIL), Kapisanan  
ng mga Guro sa Pilipino (KAGUPIL), Kapisanan sa Pagpapa-  
laganap ng Pilipino (KAPAGPIL), Pambansang Samahan ng  
mga Tagamasid sa Pilipino (PASATAP), Pambansang Sama-  
han sa Lingguwistikang Pilipino (PSLP), Buklod ng mga  
Manunulat sa Pilipino Para sa Panitikang Pangkabataan (BUK-  
LOD), Kapisanan ng mga Kawal na Manunulat sa Pilipino (Ka-  
KAMPI), Kapulungan Para sa Literatura ng Pilipinas (KA-  
LIPI).

Non-Tagalog: Madyaas Pro-Hiligaynon Society, Gunglo Da-  
giti Manunurat nga Ilokano (GUMIL—Ilocano Writers As-  
sociation), Akademya ng mga Bikolano, Islamic Directorate of  
the Philippines, Mindanao Fellowship (Association of Mindanao  
writers and journalists).

English at Pilipino: Linguistic Society of the Philippines  
(LSP), Philippine Association for Language Teaching (PALT),  
Book Lovers, Inc., Pamana, Inc., Children's Literature As-  
sociation of the Philippines (CLAPI), Children's Library and  
Museum, Inc. (CLMI), The Writers Union of the Philippines,  
Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas (KBP), National  
Press Club (NPC).

(Sundan sa p. 34)

## Obserbasyon

### BAKIT TAGALOG-INGLES ANG ANUNSIYO NGAYON?

Lumalabas sa isang pagsusuri na ang pahayagan ngayon ay may mas maraming advertisements na Tagalog-Ingles kaysa sa isang purong Ingles o purong Tagalog na anunsiyo. Sa isang pahayagang Tagalog/Pilipino na katulad ng *Pilipino Express*, ang istilo ng pag-aanunsiyo ay "bi-lingual." Sumusunod dito ang istilong Ingles samantalang ang istilong purong Tagalog ay pumapangatlo lamang. Sa kabilang dako, ang Tagalog-Ingles na anunsiyo ay lumalabas din sa pahayagang Ingles na *Daily Express*, ikalawa sa purong Ingles na advertisement. Limitado rin ang Tagalog na anunsiyo.

Ito ang obserbasyon ni Leonardo Garcia Jr. sa kanyang oral defense ng kanyang thesis sa komunikasyon sa Ateneo de Manila. Ang thesis na pinamagatang, "Bi-lingual Newspaper Advertising in the Philippines: Content Analyses, Case Studies, and Audience Surveys," ay pinuri ng mga examiners na binubuo nina Dr. Emy Pascasio, Dr. Felixberto Sta. Maria, Dr. Demetria Pujante, G. Jose Miranda, Gng. Corazon Arboleda, at Fr. Alberto Ampil S.J..

Sinasabi sa pagsusuri ni Garcia na di-maiwasan ang maging "bi-lingual" sa pag-aanunsiyo. Di na napapanahon ang tradisyonal na Tagalog sapagkat limitado lamang ang mga nakaka-intindi nito. Kinakailangang manghiram ng ilang salita sa wikang banyaga upang higit na maging epektibo ang pag-aanunsiyo. Sa madaling salita, ang "bi-lingual" advertising" ay pagiging praktikal at makabago. Sinasalamin lamang nito ang pananalita ng lipunang Pilipino lalung-lalo na 'yung mga nakatira sa Maynila at karatig pook.

—Pilipino Express, p. 5  
Hulyo 29, 1975

## Ang SWP sa iba't ibang larangan

### PROMOSYON NG WIKA

PAMFILO D. CATACATACA  
*Puno, Sangay ng Promosyon*

Ang Surian ng Wikang Pambansa ay nananagutan sa paglinang at pagpapatupad ng programa ng pamahalaan para sa pagpapayaman at agpapalaganap ng wikang Pilipino. Sa panahong ito ng pagtatatag ng Bagong Lipunan, nilalayon nito na ang Pilipino ay gawing mabisang kasaangkapan sa pambansang kaunlaran. Dahil dito, ipinasiya ni Direktor Ponciano B. P. Pineda na lalong pasiglahin ang mga gawaing tumutugon sa praktikal na pangangailangan ng taong-bayan sa nasabing wika. At ito'y naaalinsunod din sa katotohanang hindi sapat na ikulong ang wika sa isang laboratoryo upang pag-ukulan lamang ng pag-aaral at pagsusuri. Dapat na madala at masubok ito sa larangan upang magamit at pakinabangan ayon sa praktikal na pangakailangan.

Ang Sangay ng Promosyon ay may mga tungkuling tumutugon sa mga launing nabanggit. Sa pamamagitan nito'y isinagawa ang tungkuling maglinang at magpatupad ng programa para sa malaganap na paggamit ng Pilipino; magsagawa ng mga proyektong maipagamit ang Pilipino sa mga paaralan at mass media; maghanda at maglathala ng mga babasahing impormasyon para maikalat at maipamigay; at maki-pag-ugnay sa iba pang mga tanggapan ng pamahalaang nasyonal at lokal hinggil sa pagpapagmit nito.

Sa pagtupad ng mga nasabing tungkulin, itinakda ang mga sumusunod na gawain 1) Pagdaraos ng mga seminar, pasanayan, at gawaing kapulungan sa bilinggwalismo, kabatiran panlahat, worespondensiya opisyal at Takigrapiyang Pilipino, pag-sulat ng impormasyon, pagsasaling-wika, at sanggunian, at pamaraan sa pagtuturo ng Pilipino. 2) Palatuntunan sa radyo (DPI Radio II, atb.). 3) Pakikipag-ugnayan sa mga tanggapan pampamahalaan, mga samahang sibika, propesyonal, at literaryo upang makapagsagawa ng mga sanib-hakbang sa pagpapatupad ng mga proyektong pangwika. 4) Pagdaraos ng

mga tanging pagdiriwang na tulad ng taunang "Linggo ng Wika", "Araw ni Balagtas," parangal sa mga bayani ng wika, at palatuntunang pang-alaala. 5) Paglilimbag at paglalathala ng mga panayam, babasahin, aklat, sanggunian, at mga tapos na proyekto ng iba pang sangay ng Tanggapang ito. 6) Pakikipagtulungan bilang ka-tagatangkilik o katagapagtaguyod sa mga proyekto ng iba't ibang tanggapang pampamahalaan at pribado, samahan at institusyon.

Ang mga nabanggit ay sinisikap na maisakatuparan nang mabisa sa kabila ng kakulangan ng mga tauhan at pondo, at sa harap ng maraming suliraning nakakatagpo sa loob at labas ng pamahalaan, at maging sa buong bansa sa kalahatan.

## PAGSUSURING-AKLAT

**ROSALINDA C. VILLAPANDO**  
*Puno, Sangay ng Linggwistikong  
Pagsusuring-Aklat*

Lumalaki ang bilang ng mga batang pumapasok sa paaralan, nagdaragdag ng kinakailangang silid-aralan at nag-iibayo rin ang dami ng aklat at iba pang babasahin. Samantalang ang lahat ay nag-iibayo ng bilang at dami, ang Sangay ng Linggwistikong Pagsusuring-Aklat ay hindi nagbabago maliban sa gawaing nakaatang sa balikat nito.

Mula noong Hulyo 1973 hanggang Hunyo 1974, ang sangay na ito ay nakapagsuri at nakapagpatibay ng apatnapu't dalawang aklat para sa elementarya. Walang iniharap na aklat para sa mataas na paaralan, kolehiyo o mga aklat na propesyonal upang suriin tulad noong nakalipas na mga taon. Sa kabila nito ang bilang ng mga aklat na nasuri sa taong 1973-74 ay nakahigit sa kabuuang bilang ng mga aklat na nasuri sa mga taong nakalipas.

Kaugnay ng pagsasakatuparan ng programa sa edukasyong baylingwal ang Sangay na ito ay kasalukuyang nag-eedit ng salin ng sampung study kit sa araling panlipunan.

Ang pangkat na naghahanda ng Diksiyunaryong Pilipino na nasa ilalim din ng sangay na ito ay nakatipon na ng 30,128 salitang may katapat na mga kahulugan at katuturan. Tapos

na ang ikalawang pag-eedit ng Diksiyunaryong Pilipino. Sa taong ito ay gagawin ang pangwakas na pag-eedit at pagmamakinilya ng manuskrito tungo sa pagpapalimbag nito.

Kasalukuyang ding isinasagawa ng Sangay na ito ang mga sumusunod: 1) pagrerebisa ng *Patnubay sa Korespondensiya Opisyal*, 2) pangwakas na pag-eedit ng *Diksiyunaryong Pilipino*, 3) paghahanda ng mga halimbawang banghay-aralin para sa mababa at mataas na paaralan, 4) pagsusuri at pagwawasto ng apatnapu't walong aklat na may iba't ibang kategorya, at 5) pagsasalin ng tatlong aklat na *Population Education Subunits in Social Studies, Health & Home Economics for Grades I-VI*.

Bagaman halos ang buong panahon ay iniuukol sa gayong mga gawain, manaka-naka ring ilan sa mga tauhan ang panapanahon ay pinadadalo sa mga seminar, gawaing-kapulungan at komperensiya bilang obserber at bilang tagahatol naman sa mga timpalak-bigkasan. Ilan din sa mga tauhan ang madalas nagpapanayam sa mga seminar pangwika na itinataguyod ng Surian o kasamang itinataguyod ng Surian. Kung minsan naman ay bilang tagapagsalita sa mga tanging pagtitipon.

Sa kabilang dako, bilang paglalagay sa kondisyon ng katawan at isipan, ang Sangay ay aktibong nakikilahok sa mga larong pampalakas ng katawan. Sa paghahasa namang ng kaisipan at pagpapalawak ng karanasan, may pulung-pulong ang sangay at dumadalo rin sa mga sa-lingkurang pagsasanay para sa buong tanggapan.

## PANANALIKSIK AT PAGSASALING-WIKA

**ERLINDA S. RIVERA**  
*Puno, Sangay ng Pananaliksik  
at Pagsasaling-Wika*

Mula nang ipahayag na ang Wikang Pambansa ng Pilipinas ay yaong wikang nababatay sa Tagalog, ang Surian ay nagsagawa na ng mga pag-aaral at pananaliksik upang ang wikang inihayag ay malinang, mapaunlad at mapalaganap. Maraming pag-aaral at pananaliksik ang isinagawa tungkol sa wika. Kabilang dito ang Hambingan ng mga Wika sa Pilipinas; Pagkakamag-anak ng mga Wika sa Pilipinas; Ang Simulaing Pan-

daigdig ng mga Wika, pag-uuri ng mga Wika sa Daigdig, at marami pang iba. Kaalinsabay ng mga pag-aaral tungkol sa wika, ang Surian ay nagsagawa rin ng mga pagsasalin kaugnay ng tungkulin nito sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng wikang pambansa.

Ang mga taóng nagdaan ay sumaksi sa mabilis na pag-unlad at paglaganap ng Wikang Pambansa. Ngayon, higit kailan man dumarami ang lumalapit at sumasangguni sa Surian. Karamihan sa mga gawain sa pagsasalin at pananaliksik na isinasangguni sa Surian ay mga kahilingan buhat sa mga tanggapang pampamahalaan at maging pribado man. Ang mga pormularyo at iba't ibang anyo ng komunikasyon ng iba't ibang tanggapan ay hinihiling na maisalin sa Pilipino. Hindi kaila sa atin na ang mga kasulatang opisyal, mga pangalan ng tanggapan, mga kredensiyal ng mga diplomatiko, mga diploma at katibayan sa pagtatapos sa mga paaralan, mga sitasyon, mga selyong angkoreo, at mga utos-hukbo ay pawang sa Pilipino na.

Ang ilan naman sa mga proyektong kasalukuyang isinagawa ng Surian ng Wikang Pambansa, Sangay ng Pananaliksik at Pagsasalangwika ay: a) Pagsasalin sa Pilipino ng Maiikling Kuwento; b) Pagpapalawak ng Diksiyunaryong Pilipino-Ingles; k) Paghahanda ng mga Pahayag na Idyomatiko; d) Patulong na paghahanda ng *annotated bibliography* ng lahat ng lathala ng SWP mula sa pagkatatag hanggang sa kasalukuyan; e) Paghahanda ng Diksiyunaryo ng mga Sinonimo; g) Koleksiyon ng mga panunuring pampanitikan; at h) Paghahanda ng *annotated bibliography* ng mga pag-aaral pangwika sa Tagalog at iba pang katutubong wika.

Ang isang tanging proyekto na kasalukuyang minamadali ng SWP upang makatugon sa pangangailangan ng mga guro, mga pinuno ng mga paaralan, mga mag-aaral, mga manunulat, at iba pa, ay ang *consolidated listing* sa Pilipino at Ingles ng mga katawagan sa Edukasyong Bilinggwal.

## PAGHAHANDA NG MGA KATAWAGAN SA EDUKASYONG BILINGGWAL

Ni FORTUNATA M. MACASINAG

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng ating wika sa Bagong Lipunan. Ito ay nagpapahayag ng pambansang pagkakakilanlan at pagkakaisa. Ito rin ang tulay na nag-uugnay sa mga paaralan at mamamayan upang maiparating sa diwa at damdamin ng sambayanan ang mga mithiin at layunin ng pamahalaan tungo sa pambansang kaunlaran. At upang ganap nating maunawaan ang lahat ng layuning ito ng pamahalaan sa kabuhatan, edukasyon, lipunan, pulitika, atb., kailangang magkaisa tayo sa wikang gagamitin sa mga paaralan, maging elementarya, sekundarya at dalubhasaan.

Bilang tugon sa pangangailangang ito, ipinalabas ng Kalihim Juan L. Manuel ng Edukasyon at Kultura, ang Department Order No. 25, s. 1974—Ang Panuntunan sa Pagpapatupad ng Edukasyong Bilinggwal—(Implementing Guidelines for the Policy on Bilingual Education). Nangangahulugan ito ng magkahiwalay na pagtuturo sa Pilipino at Ingles. May mga asig-naturang Ingles ang gagamiting wikang panturo tulad ng Ingles, Agham, at Matematika. Sa iba pang asignatura gaya ng Araling Panlipunan Agham Panlipunan, Edukasyong Pang-gawain, Edukasyong Pangkalusugan, Edukasyon sa Wastong Pag-uugali at Edukasyon sa Pagpapalakas ng Katawan, Pilipino naman ang gagamiting wikang panturo.

Sa pagpapatupad ng patakarang ito ng bilinggwalismo, maraming suliranin ang kinakailangang lutasin at isa na rito ang kakulangan ng mga kagamitang magagamit sa pagtuturo. Wala pa tayong sapat na kagamitan sa pagtuturong maaaring magamit ng ating mga guro sa larangan at kung mayroon man ay salat na salat pa. Kailangang ganyaking mabuti ang mga guro at mga manunulat ng aklat upang sumulat at bumuo ng mga aklat at kagamitan sa Pilipino para maging sanggunian ng mga guro at mag-aaral.

Sa gitna ng mga suliraning ito, puspusang hinarap ng Surian ng Wikang Pambansa ang istandardisasyon ng mga kata-

wagan sa iba't ibang asignatura upang matugunan ang mga kahilingan at pangangailangan ng mga guro, pinunong pam- paaralan, mananaliksik-wika, mga manunulat, mag-aaral at mga mamamayang rais gumamit ng Pilipino sa kalahatan. Ang pangunahing layunin ng pagtitipong ito ay upang magkaroon ng kaisahan o *uniformity* sa gamit ng mga katawagan sa bawat paksang-aralin.

Bago simulan ang pagtitipon ng mga katawagan, ang SWP ay bumuo ng isang Lupong pinangunguluhan ng puno ng Sangay ng Pananaliksik at Pagsasaling-wika, at ng puno ng Sangay ng Lingguwistikong Pagsusuring Aklat. May limang kagawad na pawang mga gurong mananaliksik-tagasaling-wika at mga manunulat.

Ang layunin ng Lupon ay ang mga sumusunod: 1) Magtipon ng mga katawagang maaaring magamit sa pagtuturo ng mga asignaturang itinatadhanang ituro sa Pilipino batay sa nilalaman ng D.O. No. 25, s. 1974; 2) Magkaroon ng unipormeng mga katawagan sa mga paksang-aralin tinutukoy sa D.O. at pagpapahayag ng magagamit ng mga guro, mga pinuno ng paaralan, mga mananaliksik, mga estudyante, mga manunulat at iba pa; 3) Magkaroon ng isang talaan ng mga katawagang maaaring magamit na sanggunian sa lalong madaling panahon upang maiwasan ang pagkakaiba-iba ng salita at katawagang ginagamit ng iba't ibang awtoridad, guro, manunulat, awtor, atb., lalo na iyong mga isinasalin mula sa orihinal na Ingles; at 4) Matulungan ang mga taong nahihirapan sa pag-unawa o paghahanap ng mga pantulong sa pagtuturo ng Pilipino batay sa naturang D.O.;

Mga Hakbang na Susundin sa Pagtitipon ng mga Katawagan: 1) Magtatala ng mga katawagan at parirala sa Pilipino na ginagamit na sa pagtuturo, mula sa mga manwal, patnubay, ulat, babasahin, atb.; 2) Magtatala ng mga katawagan at pariralang Ingles mula sa mga *KIT*, mga aklat, magasin, manwal, pahayagan, journal, *Courses of Studies*, *Teaching Units*, at iba pang kagamitang pantulong ng guro sa Social Studies/Social Sciences, Work Education, Character Education, Health Education at P.E. at isasalin sa Pilipino sa iba't ibang kaayusan, pananalita at anyo batay sa gamit ng mga ito sa yunit ng pagtuturo at/o mga piling aralin; at 3) Isasaalang-alang din ang Maignaying Talasalitaan at iba pang katipunan ng mga katawagang pinapanukalang palaganapin upang ipagamit.

Ang istandardisasyon o pagsasapamantayan ng mga katawagan ay ibabatay sa mga sumusunod: 1) Magiging pangunahing batayan dito ang tadhana ng Batas Komonwelt Blg. 184, Sek. 8, sub-sek. 1 at 2 hinggil sa pagpapalawak ng bokabularyo; 2) Bawat katawagan o parirala ay pag-uusapan ayon sa tunay na kahulugan ng orihinal, sa tulong pa rin ng kaukulang diksiyunaryo (medical, labor, commerce, etc.); 3) Isasaalang-alang ang tiyak na gamit ng salita o katawagan sa tiyak na asignatura. Samakatwid, hindi dapat ipalagay na ang kahulugan ng isang salita sa Social Studies ay siya ring kahulugang pangkalahatan; 4) Isasaalang-alang din ang bahagi ng pananalita ng katawagan o pariralang isinasalin; 5) Ang mga katawagan ay isasaayos nang paabakada. Kung ang katawagan ay ginagamit sa isa o higit pang parirala, ang mga ito ay ipinailalim sa isang katawagang panlahat. *Halimbawa: development, economic development, social development*; 6) Pagkatapos maibigay ang kani-kaniyang kuru-guro sa isang salin o katawagan, ang pasiya ng nakararami ang mananaig; 7) Magiging konsistent ang Lupon sa pagbibigay ng katumbas sa mga katawagan; 8) Kung may mga salitang dapat tuldikan, tutuldikan ang mga ito upang maging tiyak ang kahulugan; at 9) Isasaalang-alang din ang tunog at karaniwang pagsasama ng mga salita sa parirala. *Halimbawa: miyembro ng pamilya; sa halip na miyembro ng mag-anak*;

10) Nangyayari rin na hinihiram ang katawagan nang walang pagbabago. *Halimbawa: Green Revolution, Buzz session*; 11) Kung ang salitang hinihiram ay ponemiko, ito'y hihiramin at babaybayin nang ayon sa palabaybayang Pilipino. *Halimbawa: graph—grap; grocery—groseri*; 12) Ang anyong pambabae ay ipinakikilala ng titik a, kasunod ng anyong panlalaki. *Halimbawa: tsismosa—(o), tintera—(o)*; 13) Ang mga palasak na katawagan tulad ng RADAR, GSIS, PNB, atb., ay hindi na isasalin; at 14) Pagkatapos mapagpasiyahan ang lahat ng katawagan at parirala, ang mga ito ay ipamamakinilya sa iniwastong anyo at eediting pangwakas, muling ipamamakinilya at saka ihaharap sa Patnugot.

Sa kasalukuyan, umaabot na sa may 7,100 katawagan ang natipon sa pitong larangan, na ipinalimbag na ng Surian. Narito ang bilang ng mga sumusunod na talaan sa bawat asignatura:

1. Edukasyon sa Wastong Pag-uugali ..	400	katawagan
2. Araling Panlipunan .....	530	"

3. Edukasyong Pangkalusugan .....	750	”
4. Edukasyon sa Pagpapalakas ng Katawan .....	620	”
5. Edukasyong Panggawain—		
a) Karunungan Pantahanan (H.E.) .....	2,000	”
b) Bokasyonal (Sa mga Lalaki)	450	”
6. Agham Panlipunan—		
a) Heograpiya .....	250	”
b) Araling Pangkabuhayan .....	250	”
7. Katawagan sa Pagtuturo .....	1,180	”
<hr/>		
KABUUAN .....	7,100	”

Bukod sa mga nauna nang nalathala, may mga dagdag pang katawagan sa Arkitektura, Eskultura, Pagpipinta at Panitikan na kasalukuyan na ring ipinalilimbag, upang magamit ng mga gurong nagtuturo ng Edukasyong Panggawain at iba't iba pang asignaturang may kaugnayan sa mga nabanggit na larangan, mga manunulat at mga mamamayang nais gumamit ng Pilipino sa kalahatan.

Ang pagtitipong ito ng mga katawagan at pagsasapamantayan ay patuloy pa ring isinasagawa sa kasalukuyan bilang dagdag sa mga napagkaisahan nang katawagan at upang magamit ng mga guro at mag-aaral sa mataas na paaralan at dalubhasaan sa mga asignaturang tulad ng History, Linguistics, Political Science, Family Planning, Land Reform, Beautification and Sanitation, at iba pang sangay ng Agham Panlipunan. Matapos ang pagtitipon, ang mga katawagang ito ay isusunod na ring ipalilimbag upang makabuo ng isang diksiyunaryo ng mga katawagan sa Edukasyong Bilinggwal sa iba't ibang larangan.

Ang katipunang ito ng mga katawagan ay maaaring kakaunti pa. Marami pang salitang maisasama rito at patuloy na isasagawa habang lumalakad ang panahon. Maaari ring may mga puna at mungkahing mairaragdag ang mga kinauukulan sa salin ng mga katawagang ito. Kaya't ano mang magpagbuong pamumuna ay pahahalagahan at bibigyan ng kakulang pansin ng SWP para sa lalong ikauunlad at ikalalaganap ng ating wika sa buong bansa.

## GAWAD NG PAGKILALA

Pulong-Pulong sa Kaunlaran (VOP)  
*National Media Production Center, Maynila*

Lupong Ad Hoc sa Pilipino ng Lunduyang Paaralan ng Hukbong Katihan ng Pilipinas (PASC) *Kuta Bonifacio*

KAPAGPIL-LAGUNA—S/p *Salvador U. Kimhoko, Tanggapan ng Gobernador ng Laguna*

Gng. VICTORIA G. ALBARRACIN—*Superbisor, Sangay ng Paaralang Lungsod ng Cebu*

Bro. AGUSTIN CABRERA, FMS—*Pangulo, Notre Dame of Marbel College, Timog Cotabato*

Supt. RICARDO C. GONZALES—*Sangay ng Paaralang Lungsod ng Bacolod*

G. SULPICIO F. FRAGO—*Pinunong Pampangasiwaan IV Tanggapan ng Gobernador, Batangas*

Gng. ROSARIO M. REYES—*Prinsipal, Opol Elementary School Opol, Misamis Oriental*

# PALATUNTUNAN

Bulwagang Abelardo, Unibersidad ng Pilipinas  
Diliman, Lungsod Quezon  
Agosto 13, 1975—9:30 n.u.

Pambansang Awit .....	UP Conservatory of Music
Pambukas na Pananalita .....	Dr. ONOFRE D. CORPUZ <i>Pangulo, Pamantasan ng Pilipinas at Development Academy of the Philippines</i>
Pagpapakilala sa mga Samahang Pangwika	
Pagpapahayag ng mga Kasalukuyan at Balak na Prokyekto sa Wika sa Pagtataguyod ng Surian at mga Samahan sa wika	
	Mga Pangulo ng Samahan
Pagpapakilala sa Panauhing Pandangal .....	Dr. FE ALDAVE YAP <i>Pang. Direktor, SWP</i>
Pampasiglang Pangungusap .....	Gng. IMELDA R. MARCOS <i>Unang Ginang ng Bansa</i>
Pangwakas na Pananalita .....	Atty. PONCIANO B. P. PINEDA <i>Direktor, SWP</i>
Pilipinas Kong Mahal .....	UP Conservatory of Music

Guro ng Palatuntunan  
Dr. FE ALDAVE YAP

Pagtatanghal ng mga Obra Maestra sa wika

Mababang Paaralang P. Gomez  
P. Guevarra, Sta. Cruz, Maynila  
Agosto 14, 1975—2:00 n. h. at 3:00 n. h.

## Unang Bahagi

I. Pagtanggap .....	G. CONSTANTINO L. CASTILLO <i>Punungguro, Mababang Paaralang P. Gomez</i>
Ilang Pangungusap .....	Dr. JOSEFINA R. NAVARRO <i>Superintendente ng Lungsod ng Maynila</i>
Ilang Kataga tungkol sa Aklat .....	Atty. PONCIANO B. P. PINEDA <i>Direktor, S.W.P.</i>
Pagkakaloob ng mga sipi sa mga sumusunod: Kagawaran ng Edukasyon at Kultura Aklatang Pambansa Aklatan ng Lungsod ng Maynila Cultural Center of the Philippines	

## Ikalawang Bahagi

II. Talakayan: "Mga Suliranin sa Pagpapatupad ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 25 s. 1974"	
Elementarya .....	Gng. JOSEFINA ILAGAN <i>Tagamasid sa Pilipino</i>
Sekundarya .....	Bb. FLORENCIA DEL ROSARIO <i>Tagamasid sa Pilipino</i>
Kolehiyo .....	Gng. PRUCTUOSA C. GUAMEN <i>Senior Educational Researcher</i>
Pangkat ng mga Tagapag- tanong .....	Mga Tagamasid sa Iba't Ibang Lawak-asignatura
Pangwakas na Pangungusap	Dr. FE A. YAP

ERLINDA S. RIVERA  
Guro ng Palatuntunan

Loyola House of Studies, Ateneo de Manila  
Loyola Heights, Lungsod Quezon  
Agosto 15, 1975—5:00 n. h.

Pambansang Awit .....	Madla
Panimulang bati .....	ALFONSO DE GUZMAN II <i>Direktor</i> <i>Palimbagan ng Ateneo de Manila</i>
Bati .....	PONCIANO B. P. PINEDA <i>Direktor</i> <i>Surian ng Wikang Pambansa</i>
Bati .....	TEODORO A. AGONCILLO <i>Propesor, Kagawaran ng Kasaysayan</i> <i>Pamantasan ng Pilipinas</i>
Paghahandog ng unang sipi ng aklat sa may-akda .....	FELIXBERTO C. STA. MARIA <i>Dating Direktor</i> <i>Palimbagan ng Ateneo de Manila at Panauhing Pangdangal</i>
	HORACIO DE LA COSTA, S.J. <i>Propesor, Kagawaran ng Kasaysayan, Ateneo de Manila</i> <i>Bilang Kinatawan ng Pangulo, JOSE A. CRUZ, S.J., Ateneo de Manila</i>
Talumpati ng pagtanggap at Pagpapakilala sa Samahang Sinakulista ng Tikay .....	NICANOR G. TIONGSON <i>Instruktor, Kagawaran ng Araling Pilipino</i> <i>Pamantasan ng Pilipinas at May-akda</i>
Pagtatanghal .....	Samahang Sinakulista ng Tikay
Merienda, bilihan ng aklat, lagdaan .....	Madla

AFP Officers Country Club  
Kampo Aguinaldo, Lungsod Quezon  
Agosto 19, 1975—9:30 n. u.

Pambansang Awit .....	AFPCOC Combo
Bating Pagtanggap .....	MHen. RAFAEL G. ZAGALA <i>Heneral na Tagaatas</i> <i>Hukbong Katihan ng Pilipinas (PA)</i>
Tanging Bilang .....	Surian ng Wikang Pambansa
Mga Gawad—	
*Ng Pagkilala .....	Atty. PONCIANO B. P. PINEDA <i>Direktor, SWP</i>
*Sa mga Timpalak Sanaysay at Pagkukuwento .....	Dr. FE ALDAVE YAP <i>Pang. Direktor, SWP</i>
Pagpapakilala sa Panauhing Pandangal at Tagapagsalita .....	BHen. GUILLERMO A. PECACHE <i>Katulong na Puno ng Kalupunan para sa Tanggulang Pambayanan</i>
Talumpati .....	Heneral ROMEO C. ESPINO <i>Puno ng Estado Mayor</i> <i>Sandatahang Lakas ng Pilipinas</i>
Pangwakas na Pananalita .....	Direktor PONCIANO B. P. PINEDA
Pilipinas Kong Mahal .....	AFPCOC Combo
	Guro ng Palatuntunan
	PAMFILO D. CATACATACA <i>Puno ng Promosyon, SWP</i>

## PAGDIRIWANG SA LINGGO NG PILIPINO SA TAONG 1975 SA MGA PAARALAN

Paksa: Isang Bansa, Isang Diwa, Isang Wika

*Agosto 13—Miyerkules*—Ang Wikang Pilipino sa paglilinang ng masidhing kamalayan ng mga kabataan sa mga tungkulin at pananagutan ng Bagong Pilipino.

1. Pagdaraos ng mga seremonyang pampasimula sa pagdiriwang.
2. Pagdalo at pakikinig sa mga palatuntunan sa radyo tungkol sa pagdiriwang ng Linggo ng Pilipino.
3. Paglulunsad ng mga kampanya o kilusang pupukaw sa kamalayan ng mga kabataan sa kanilang mga tungkulin at pananagutan bilang Bagong Pilipino.

*Agosto 14—Huwebes*—Higit na pagpapasigla sa kamalayan ng mga kabataan sa kanilang mga tungkulin at pananagutan sa pamilya.

1. Pagtatanghal ng mga poster, larawan o lathalaing nagpapakita ng mga tungkuling may kaugnayan sa pagpapaunlad ng pamilya.
2. Pag-aanyaya sa mga magulang at mga mamamayan na lumahok sa mga kilusang may kaugnayan sa paglinang ng Bagong Pilipino.
3. Pag-uusap tungkol sa magagandang kaugaliang dapat panatilihin at paunlarin ng isang mag-anak.

*Agosto 15—Biyernes*—Pagpapahalaga ng mga kabataan sa mga tungkulin at pananagutang pampaaralan.

1. Pagsasaayaos ng mga silid-aralan, mga gusali at mga tanggapang pampaaralan nang angkop sa pagdiriwang.
2. Pagtalakay sa mga tungkuling pampaaralan.
3. Pagbibigay-sigla sa mga gawain ng mga samahang pangwika sa mga paaralan na lilinang ng Bagong Pilipino.
4. Pagdaraos ng paligsahang pampanitikan ayon sa paksang-diwa.

*Agosto 16—Sabado*—Pagpapahalaga ng kabataan sa mga tungkulin at pananagutan sa barangay at sa sambayanan.

1. Pagkakaroon ng mga palatuntunang panradyo na lalahukan ng mga tauhaan ng barangay at sambayanan.
2. Pagdaraos ng mga paligsahan sa tula, talumpati, awit, balagtasán at duladulaan na lalahukan ng mga tauhan ng barangay at ng sambayanan.
3. Pagtatanghal ng mga poster, mga lathalain, mga larawan at iba pa na nagpapakita ng mga tungkulin at pananagutan ng Bagong Pilipino sa barangay at sa sambayanan.

*Agosto 17—Linggo*—Pagpapahalag ng mga kabataan sa mga tungkulin at pananagutan ng mga kabataan sa ating bansa.

1. Pagtatanghal ng mga bagay na may kinalaman sa tagumpay ng wika, gaya ng kabataan sa mga tungkulin at pananagutan sa bansa.
2. Pagdaraos ng mga timpalak pampanitikan at bigkasan sa Pilipino.
3. Pagdalaw sa mga sentro o mga pook na nagsasakatu-paran ng paglinang sa kaunlaran ng kabataang Pilipino.
4. Pag-uulat ng mga nagawa ng kabataang Barangay sa kaunlaran ng bansa.
5. Pagpapasulat ng sanaysay at talumpati hinggil sa bisa ng wika sa paghubog ng Bagong Pilipino.

*Agosto 18—Lunes*—Pagpapahalaga ng kabataan sa kanilang tungkulin at pananagutan sa daigdig.

1. Pag-uulat ng mga nagawang proyekto sa turismo o paglalakbay sa pagpapasigla at pagpapahalaga ng kabataang Pilipino sa pagkakaisang pandaigdig.
2. Panood ng mga "filmstrip" o larawang nauukol sa paglalakbay ng Pangulong Marcos at ng Unang Ginang sa Tsina at iba pang bansa.
3. Pagtatalakayan hinggil sa kaisahan ng bansa, diwa at wika ng mga bansang mauunlad.

(Sundan sa p. 34)

## PILIPINO: TUKLASING ISA PANG LIKAS NA KAYAMANAN

JOSE ANTONIO M. TOMAS

Lalong madaling kasangkapanin—at sa gayon pakinabangan—ang isang bagay kung tuwiran nasasaklawan ito ng mga panamdang ng tao. Ito ang karaniwan. Ngunit magaslaw ang anumang pag-unlad at daglian ang kinakailangang pagsasagawa sa pag-iwas ng pagkakagipit. Ito madalas ang kalagayan sapagkat hindi laging tuwid at maayos ang pagbabago.

Sana lagi nang nakakasangkapan at napakikinabangan ang laya at yaman ng isang bansa. Sana wala nang likas na kayamanan ang isang bansa na nalilingid sa mga mamamayan nito. Sana malaya ang lahat sa kakayahan sa pagpili ng uri at sa pagtakal ng dami ng gamit sa yaman—mga bagay na madali na ring lutasin.

Karaniwan nang sinasabi na mayaman ang Pilipinas sa mga hilaw na sangkap. Lagi nga lamang *materyal* ang pagtukoy sa mga ito—lupa, tubig, at tao. Sa pagsulong at pag-unlad, samakatuwid, kailangan ang sukdulang paggamit ng mga likas na kayamanan.

Sadya namang mayaman ang Pilipinas sa mga katutubong wika at kultura. Walang suliranin sa mga pangkat ng tao at ang kanilang mga kultura sapagkat naitatanong at nasasagot kung ano ang tawag nila sa kanilang sarili. Iba ang sa mga wika sa Pilipinas. Hindi matiyak-tiyak ang bilang ng mga ito sapagkat kulang pa ng datos ang mga estudyante at iskolar ng wika. Hindi pa lubos na natutuklasan ang mga kinalalagyan ng mga taong nagsasalita ng mga wikang ito, at may suliraning teoretikal sa pagkakaiba ng wika at diyalekto.

Ganito man ang kalagayang pangwika, nakakapagtalastasan pa rin naman ng mga mamamayang Pilipino. Pinakamabisang paraan na sana kung nagkakaunawaan ang lahat ng mga mamamayan sa Pilipinas sa kani-kanilang wika. Hindi ito mangyayari pa dahil sa mga bagay na nabanggit. Ngunit maaaring mabigyan ng katuparan sa pamamagitan ng isang wika—ang Pilipino.

Maraming katungkulan ang wika. Dahil marahil sa may natutuhang wika ang lahat ng tao at sinasalita nila ito, komunikasyon lamang ang itinuturing na gamit ng wika. Isinaaalang-alang ng maraming tao na basta't naipaloob na sa mga

salita at napag-ugnay-ugnay na ang mga salita sa isang kaayusan—malimit para sa atin na isang wikang banyaga ito—ang anumang kapisasong impormasyon, nakamit na nila ang kanilang layunin. Kayat maraming pahayag, sulatin, at talumpating nasa wikang banyaga ang nakakatawag-pansin lamang sa mga taong mismong sumusulat at bumibigkas nito. Hindi malimit na naitatanong kung kasindunong o kasinghusay sa pag-uunawa ang mga mambabasa at mga tagapakinig sa wika o antas ng wikang pinili ng mga tagapagsalin at tagapagpaganap ng impormasyon. Mangmang man o marunong sa isang wika ang tao, hindi pa rin nawawala ang *communication gap*. Di ang wika, samakatuwid, ang hadlang kundi ang nagsasalita nito at ang kanyang piniling wika at/o antas ng pagkamgamit ng wika.

Isa lamang sa mga wika sa Pilipinas ang Pilipino na dahil sa mga pagsisikap ng mga yumao nang bayani at lider ng bayan nailuklok ito sa pagiging pagkapambansa. Laganap ito ngayon sa kasuluksulukan ng bansa. Mabisang bahagi ito sa pagsasakatuparan ng mga mithiing pambansa. Kasalukuyang kinakasangkapan ang Pilipino ng maraming tanggapan ng pamahalaan sa pagpapaliwanag sa bayan ng mga pagbabagong isinasasagawa. Ngunit di pa rin lubos at ganap na napakikinabangan ang ibang nakatagong katungkulan ng wikang ito sa patuluyang pagtatatag ng pambansang pagkakaisa at pambansang kaunlaran. Integrasyon sa pamamagitan ng Pilipino ang isang katungkulang di pa natutuklasan at napakikinang. Mahalaga ito sa pag-iisang-kilos ng bansa.

Wikang pambansa at isang wikang opisyal ang Pilipino.

Bilang isang wikang opisyal, ginagamit ito sa iba't ibang tanggapan ng pamahalaan sa mga transaksyon nito. Dahil ito sa pagkilalang napapaloob sa mga proklamasyon, memorandum sirkular, at kautusang tagapagpaganap.

Pilipino ang panunumpa ng lahat ng mga pinuno at kawani ng pamahalaan. Hangga't maari, kailangang nasusulat sa Pilipino ang mga korespondensiya opisyal na gumagamit ng mga nilimbag na pamuhatan (*letterhead*) sa Pilipino. Pilipino na rin ang lahat ng pangalan ng tanggapan at gusaling pampamahalaan.

Tinatanggap ng Pangulo ng Pilipinas sa Pilipino ang kredensiyal ng lahat ng sugo ng bansa. Pilipino na ang mga pasaporte at bisa. Isa ang Pilipino sa mga asignnatura sa iksamen ng Kagawaran ng mga Suliraning Panlabas. May pitak na

rin ang Pilipino sa National College Entrance Examination (NCEE).

Pilipino na rin ang tatak sa lahat ng selyo at salaping umiral sa Pilipino. Nasusulat na sa Pilipino ang mga babala at katawagang pantrapiko. Sa hukbo, ginagamit na rin ang Pilipino sa pagbibigay ng mga utos. Kamakailan lamang, binuo ang isang samahan ng mga kawal na sumusulat sa wikang Pilipino. Pilipino na ang teksto ng mga diploma. Sa mga hukuman, di lamang iilan ang mga hukom na lumilitis at nagbibigaypasiya sa Pilipino. Kailangang maisalin sa Pilipino man lamang ang isang dokumentong nasusulat sa isang opisyal na wika upang maging isang maybisang ebidensiya.

Mabisang nagpapalaganap ng mga kabatirang pangkaunlaran ang iba't ibang sangay ng pamahalaan sa pamamagitan ng Pilipino. Sinusunod ngayon sa National Media Production Center ang isang patakarang kailangang isipin at isagawa sa Pilipino ang mga kagamitang pangkabatiran nito. Maraming programang panradyo sa Pilipino ang Kawanihan ng Broadcast. May tuwirang ugnayan sa wika ang ibang tanggapan ng pamahalaan at ang Surian ng Wikang Pambansa, halimabawa: Sandatahang Lakas ng Pilipinas, Kagawaran ng Repormang Pansakahan at ng Turismo, at Kawanihan ng Rentas Internas at ng Pagpapauniad ng mga Kilusang Bayan.

Sa mga paaralan, wikang panturo ang Pilipino bukod pa sa pagiging asignatura sa kurikulum. Laganap na rin sa *mass media* ang Pilipino. Maraming programa sa radyo at telebisyon na nasa Pilipino ang nangunguna o pumapangalawa sa pagraranggo. May dalawang dyaryong pang-arawa-araw na may pambansang sirkulasyon. May pitak Pilipino naman ang ibang dyaryong nasa ibang wika. May ilang dyaryong panlalawigan (lingguhan ang karamihan) na gumagamit ng Pilipino bilang isa sa mga wikang kinasusulatan nito. May isang dyaryong panlalawigan at isang buwanang magasin na gumagamit ng Pilipino lamang (ang *Dahong Palay* ng Cabanatuan at *Sagisag*.) Dinudumog ngayon ang mga pelikulang Pilipino. Mga pelikulang Pilipino ang anim sa labing-isang pelikulang naitala sa *box office list* ng Philippine Motion Picture Producers Association.

Sa Bagong Lipunan, tinitiyak ang pagkatuto ng mga mamamayan ng bansa ng dalawang wika. Isa rito ang wikang Pilipino: "para sa ating pambansang pangangailangan—bilang buklod ng pagkakaisa at tatak ng ating kaangkinang pambansa." Nasa wikang ito at nasa atin ang ating pag-asa.

REPUBLIKA NG PILIPINAS  
KAGAWARAN NG EDUKASYON AT KULTURA  
TANGGAPAN NG KALIHIM  
MAYNILA

Hunyo 19, 1974

KAUTUSANG PANGKAGAWARAN  
Blg. 25, s. 1974

MGA PANUNTUNAN SA PAGPAPATUPAD NG  
PATAKARANG EDUKASYONG BILINGGWAL

SA: Direktor ng mga Paaralang Bayan:  
Direktor ng mga Paaralang Pribado:  
Direktor ng Edukasyong Bokasyonal:  
Mga Pangulo ng mga Dalubhasaan at Pamantasan ng Estado:

1. Alinsunod sa mga tadhana ng Saligang-Batas ng 1972 at ng ipinahayag ng Pambansang Lupon sa Edukasyon na patakarang bilinggwalismo sa mga paaralan, upang makalinang ng isang bansang bilinggwal na may sapat na kakayahan sa paggamit ng Ingles at Pilipino, ang Kagawaran ng Edukasyon at Kultura ay naglalagda sa pamamagitan nito ng sumusunod na mga panuntunan sa pagpapatupad ng patakarang:

- a. Ang edukasyong bilinggwal ay binibigyan ng katuturang magkahiwalay na paggamit ng Pilipino at Ingles bilang mga panturo sa mga tiyak na asignatura, sa pasubaling gagamitin ang Arabic sa mga lugar na ito'y kinakailangan.
- b. Ang paggamit ng Ingles at Pilipino bilang mga panturo ay magsisimula sa Baitang I sa lahat ng paaralan. Sa mga Baitang I at II, ang bernakular na ginagamit sa pook o lugar na kinaroroonan ng paaralan ay magiging pantulong na wikang panturo; ang bernakular ay gagamitin lamang kapag kinakailangan sa pagpapadali ng pag-unawa sa mga konseptong itinuturo sa pamamagitan ng itinakdang panturo ng asignatura,—Ingles, Pilipino o Arabic, gaya ng nararapat.
- c. Ang Ingles at Pilipino ay ituturo bilang mga asignaturang pangwika sa lahat ng grado sa mga paaralang elementarya at sekundarya upang matamo ang tunguhin ng bilinggwalismo.

- d. Ang Pilipino ay gagamiting panturo sa sumusunod na mga asignatura; araling panlipunan/agham panlipunan, edukasyon sa wastong pag-uugali, edukasyong panggawain, edukasyong pangkalusugan at edukasyon sa pagpapalakas ng katawan.
- e. Bubuo ng mga bagong batayang aklat at iba pang mga kagamitang panturo sa mga kurso/asignaturang Ingles at Pilipino, na sadyang nakaukol sa paglinang ng sapat na kakayahan sa paggamit ng mga wikang ito.
- f. Ang mga bagong batayang aklat para sa mga araling nabanggit sa "d" ay dapat na sa Pilipino lamang nasusulat.
- g. Ang sumusunod na talatakdaan ang susundin sa pagpapatupad ng palatuntunan sa edukasyong bilinggwal para sa lahat ng kapantayan sa mga paaralang elementarya at sekundarya.

- (1) *Bahagi I:* Taóng panuruan 1974-1975 hanggang taón panuruan 1977-78.

Ang apat na taóng ito ang magiging panahon ng paglilipat-gamit sa Pilipino bilang panturo sa sumusunod na mga asignatura: araling panlipunan/agham panlipunan, edukasyong panggawain, edukasyon sa wastong pag-uugali, edukasyong pangkalusugan at edukasyon sa pagpapalakas ng katawan. Ang mga paaralan/mga sangay ng paaralan sa Katagalugan ay makapagsisimulang gumamit ng Pilipino sa taong panuruan 1974-1975 sa mga asignaturang binanggit sa unahan. Ang mga paaralan/mga sangay ng paaralan sa lahat ng iba pang pook ay babalangkang plano para sa kagyat o sa unti-unting paglilipat-gamit sa Pilipino bilang panturo sa mga asignaturang tinuran sa unahan, depende sa pagkakaroon ng mga kagamitan sa pagtuturo at mga gurong may sapat na kakayahan sa pagtuturo sa Pilipino. Ang Ingles ang mananatiling panturo sa lahat ng iba pang kurso.

- (2) *Bahagi II:* Taóng panuruan 1978-79 hanggang taóng panuruan 1981-82.

Sa panahong ito, ang paggamit ng Pilipino sa mga asignaturang nabanggit sa *d* ay magiging:

- (a) Sapilitan simula sa taóng panuruan 1978-79 sa mga sumusunod:

Mga paaralan/mga sangay ng paaralan sa Katagalugan at lahat ng iba pang mga paaralan/mga sangay ng paaralang nagsimulang gumamit ng Pilipino sa taóng panuruan 1974-1975 alinsunod sa titik *g* sa unahan.

- (b) Sapilitan sa lahat ng iba pang mga paaralan ayon sa sumusunod na talakdaan:

Primarya: Taóng panuruan 1978-79  
 Intermedya: Taóng panuruan 1979-80  
 Una at ikalawang taon ng mataas na paaralan: Taong panuruan 1980-81  
 Ikatlo at ikaapat na taon ng mataas na paaralan: Taong panuruan 1981-82  
 Ang paggamit ng Ingles sa lahat ng iba pang mga asignatura/kurso sa mga kapantayang elementarya at sekundarya ay magiging sapilitan din.

2. Magsasagawa ng mga palatuntunan ng sa-linkurang pagsasanay upang mapahusay ang mga guro sa paggamit ng Pilipino bilang panturo sa kapantayang pambansa, panrehiyon, at lokal sa pamamahala ng mga karapat-dapat na tauhan ng Kagawaran ng Edukasyon at Kultura at ng mga sangay at kasangkapan nito sa pakikipagtulungan ng mga panggurong dalubhasaan at pamantasan.

3. Ang lahat ng mga paaralan/mga sangay ng paaralan ay maghahanda ng pangmahabaang panahong plano para sa sa-linkurang pagsasanay ng mga guro at sa pagtatamo at/o paghahanda ng mga kagamitan.

4. Ang mga institusyong tersyaryo (antas pandalubhasaan at gradwado) ay binibigyan ng layang bumalangkang ng kani-kanilang talatakdaan ng pagpapatupad, sa pasubali na pagsapit ng taóng panuruan 1984 ang lahat ng nagtapos sa kurikulumang tersyaryo ay dapat pumasá sa pagsusulit sa Ingles at/o Pilipino para sa paggamit ng kanilang mga propesyon.

5. Pinawawalang-saysay ng Kautusang Pangkagawarang ito ang Kautusang Pangkagawaran Blg. 9, s. 1973.

(Lgd.) JUAN L. MANUEL  
 Kalihim

## Ang SWP sa . . .

(Buhat sa pahina 8)

English at Kastila: Philippine Association of English Supervisors, College English Teachers Association (CETA), PEN International (Poets, Essayists & Novelists), Confederación Nacional de Profesores de Español, Solidaridad Hispano-Filipina.

Ipakikilala ang iba't ibang samahang ito, at ang pangulo ng bawat samahan ay magpapahayag ng kani-kanilang kasalukuyan at balak na mga proyekto sa wika at literatura para malaman kung paano matutulungan, makatutulong at makapagtutulungan ang mga samahang ito. Pampasiglang inspirasyon ng isang "Patroness of Philippine Languages" ang kailangan upang matagumpay na maisakatuparan ang magandang pangngarap na ito.

Sa pangwakas na palatuntunan, kasama ng Surian ng Wikang Pambansa ang buong Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP): Hukbong Katihan ng Pilipinas (PA), Hukbong Pamyapa ng Pilipinas (PC), Hukbong Himpapawid ng Pilipinas (PAF), Hukbong Dagat ng Pilipinas (PN).

Ang pagdiriwang ng Linggo ng Wika sa taong ito ay maaaring maging simula ng pagkakaisa sa isang wika, isang diwa, isang bansa!

## Pagdiriwang sa . . .

(Buhat sa pahina 27)

Agosto 19—Martes—Ang Pilipino sa Pagpapahalaga sa mga Tungkulin at Pananagutan ng Bagong Pilipino sa Iba't Ibang Aspekto ng Buhay.

1. Pagkakaroon ng talakayaan tungkol sa pagpapaka-buti ng kalagayan ng karaniwang mamamayang Pilipino.
2. Panood ng mga "filmstrip" at larawang may kugnayan sa Bagoong Kalakaran sa pamumuhay ng Bagong Pilipino.
3. Pag-uugnay ng mga paksang-diwa sa mga araling Panlipunan, Agham, Pagbasa, at iba pa.
4. Pagtatanghal ng pangwakas na palatuntunang lalahunan ng paaralan at ng sambayanan.

## MALAKANYANG TAHANAN NG PANGULO NG PILIPINAS MAYNILA

### PROKLAMA Blg. 186

NA NAGSUSUSOG SA PROKLAMA BLG. 12 NA MAY PETSANG MARSO 26, 1954, SA PAMAMAGITAN NG PAGLILIPAT NG PAGDIRIWANG NG LINGGO NG WIKANG PAMBANSA BUHAT SA MARSO 29—ABRIL 4 SA AGOSTO 13—19 BAWA'T TAON.

SAPAGKAT ang panahon mula sa Marso 29 hanggang Abril 4 ng bawa't taon ay ipinahayag na Linggo ng Wikang Pambansa sa ilalim ng Proklama Blg. 12 na may petsang Marso 26, 1954; at

SAPAGKAT and panahoong ito ay labas sa taong pampaaralan, at sa gayon ay walang pagkakataong makalahok ang mga paaralan sa pagdiriwang niyon;

DAHIL DITO, SAMAKATWID, AKO, SI RAMON MAGSAYSAY, Pangulo ng Pilipinas, sa bisa ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nagsusug sa pamamagitan nito sa Proklama Blg. 12 na may petsang Marso 26, 1954, sa pamamagitan ng pagpapahayag na ang panahong mula Agosto 13 hanggang 19 ng bawa't taon, sa halip ng mula Marso 29 hanggang Abril 4, ay Linggo ng Wikang Pambansa.

BILANG KATUNAYAN NITO, lumagda ako rito at ikinintal ang tatak ng Republika ng Pilipinas.

Isinagawa sa Lungsod ng Maynila, ngayong ika-23 araw ng Setyembre, sa taon ng Ating Panginoon, labinsiyam na raan at limampu't lima, at ng Kasarinlan ng Pilipinas, ikasampu.

RAMON MAGSAYSAY  
*Pangulo ng Pilipinas*

Para sa Pangulo:

(Lgd.) MARIANO YENKO, JR.  
*Katulong na Kalihim Tagapagpaganap*

TANGGAPAN NG PANGULO NG PILIPINAS  
(Office of the President of the Philippines)

MEMORANDUM SIRKULAR Blg. 488

NAG-AATAS SA LAHAT NG TANGGAPANG PAMPAMAHA-  
LAAN NA MAGDAOS NG PALATUNTUNAN SA PAGDI-  
RIWANG NG LINGGO NG WIKANG PAMBANSA

Itinatadhana ng Proklamasyon Blg. 186, serye 1955, na ang taunang pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pambansa ay Agosto 13-19.

Ang Wikang Pambansa ay mahalagang sangkap ng tunay na diwang makabayan, bukod sa ito'y kailangan sa tuwiran, ma-  
gaan at praktikal na paraan ng talastasan ng pamahalaan at ng mga karaniwang mamamayan, bukod pa sa ito'y pinakamaga-  
ang kasangkapang nagagamit sa ugnayang sosyal ng lalong malaking bahagi ng sambayanan.

Dahil dito, mula ngayon at hanggang sa pagdating ng pa-  
nahong di na kailangan ang ganitong pagdiriwang sapagkat nakasapit na sa kanyang tugatog ang Wikang Pilipino, ang lahat ng mga pinuno ng mga kagawaran, kawanihan, tangga-  
pan, at iba pang sangay ng pamahalaang nasyonal at lokal, sampu ng mga korporasyong ari o kontrolado ng pamahalaan, ay inaatasang magdaos ng palatuntunan sa Wikang Pilipino kahit isang oras man lamang, sa alinmang araw na napapaloob sa linggo ng pagdiriwang. Maaaring talakayin sa Wikang Pilipino ang ano mang paksang may kaugnayan sa tunay na kalayaan at kasarinlang Pilipino. Ang mga pinuno't kawani ng pamahalaan maging sangay lehislatibo, hudikatura o ehekutibo ay nararapat lamang manguna sa pagdaraos ng simpleng palatuntunan sa kani-kanilang tanggapan.

Ang Kautusang ito'y magkakabisa sa Linggo ng Wika sa taong ito, Agosto 13-19, 1971.

Sa atas ng Pangulo:

(Lgd.) ALEJANDRO MELCHOR  
*Kalihin Tagapagpaganap*

MAYNILA, Hulyo 29, 1971

MALAKANYANG  
TAHANAN NG PANGULO NG PILIPINAS  
MAYNILA

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP Blg. 187

NAG-AATAS SA LAHAT NG KAGAWARAN, KAWANIHAN,  
TANGGAPAN AT IBA PANG SANGAY NG PAMAHA-  
LAAN NA GAMITIN ANG WIKANG PILIPINO HANG-  
GA'T MAAARI SA LINGGO NG WIKANG PAMBANSA  
AT PAGKARAAN NITO, SA LAHAT NG OPISYAL  
NA KOMUNIKASYON AT TRANSAKSIYON NG PAMA-  
HALAAN.

SAPAGKA'T ang pagpapaunlad at pagpapalaganap ng isang wikang pambansang Pilipino na itinatadhana ng Saligang-Batas at ng Batas Komonwelt Blg. 570 ay isa sa mga pangunahing layunin ng pangasiwaang ito; at

SAPAGKA'T ang ating wikang pambansa, na tinatanggap na at nakikilala ngayon ng lahat bilang "Pilipino" ay isa sa mga mahalagang sangkap ng nasyonalismo na makapagbubun-  
sod sa ating bayan sa ibayong kaunlaran, katiwasayan at pag-  
kakaisa;

DAHIL DITO, ako, si FERDINAND E. MARCOS, Pangulo ng Pilipi-  
nas, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, at bilang pagbibigay-buhay sa layunin ng Saligang-Batas at ng Batas Komonwelt Blg. 570, ay nag-aatas at nagpapahayag na gamitin hangga't maaari, sa lahat ng kagawaran, kawani-  
han, tanggapan at iba pang sangay ng pamahalaan ang wikang Pilipino sa Linggo ng Wika at gayundin pagkaraan nito sa lahat ng komunikasyon at transaksyon ng pamahalaan.

NILAGDAAN sa Lungsod ng Maynila, ngayong ikaanim ng Agosto, sa taon ng Ating Panginoon, labingsiyam na raan at animnapu't siyam.

(Lgd.) FERDINAND E. MARCOS  
*Pangulo ng Pilipinas*

Nilagdaan ng Pangulo:

(Lgd.) ERNESTO M. MACEDA  
*Kalihin Tagapagpaganap*

1. Comedy
2. Pat
3. Dula
4. Awit
5. sayaw

Pagbubukas ng  
**TANGHALAN NG WIKA AT PANITIKAN**  
Bahay Samal, Purok Mindanao  
**NAYONG PILIPINO (MIA)**

Miyerkoles, Agosto 13

4:00 N. H.